Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
*CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION*
*Meralco Ave., Pasig City*

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## *FILIPINO 1*

# Modyul 4

## *Ang Pagkilala at Pagbuo ng Iba't Ibang Pangungusap*

# Modyul 4
# Ang Pagkilala at Pagbuo ng Iba't Ibang Pangungusap



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta na, kaibigan? Binabati kita sapagkat umabot ka na sa modyul na ito. Sigurado akong handa ka na para dagdagan ang iyong kaalaman at kasanayan sa Filipino.

Sa nakaraang modyul, natutuhan mo kung ano ang salita at paano ito nabubuo. Sa modyul na ito, matutuhan mo naman ang tungkol sa **pangungusap**. Naghanda ako ng mga aralin at gawain na makatutulong sa iyo upang lalo mong maintindihan ang paksa. Mayroon din itong mga pagsasanay upang lalo kang humusay sa pagbuo at paggamit nito.



## Ano ang matututunan mo?

Sa modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Nakabubuo ng mga pangungusap batay sa tiyak na balangkas


    - payak
    - tambalan
    - hugnayan
    - langkapan

2. Nakikilala at nakabubuo ng iba't ibang uri ng pangungusap batay sa layon

    - naglalarawan
    - nagsasalaysay
    - naglalahad
    - nangangatwiran.

3. Naipaliliwanag ang katwiran sa pagsalungat o pagsang-ayon sa isang ideya

4. Natutukoy ang mga pangunahin at pantulong na kaisipan sa tekstong binasa.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Bago ang lahat, balikan mo ang mga panuto kung paano gamitin ang modyul na ito.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong susulatan. Gumamit ka ng hiwalay ng sagutang papel para sa pagsagot sa mga pagsusulit.

2. Sagutin mo muna ang panimulang pagsusulit.

3. Iwasto mo ang iyong mga sagot. Kunin mo sa iyong guro ang ***Susi sa Pagwawasto***. Maging matapat lamang sa pagwawasto.

4. Basahin at unawain mabuti ang mga teksto at panuto bago sagutin ang mga gawaing kaugnay nito.

5. Huwag maglalaktaw ng sub-aralin at gawain. Pag-aralang mabuti ang mga paksa na lilinang sa iyong mga kasanayan.

6. Sagutin mo ang mga pangwakas na pagsusulit upang matiyak mo kung natutuhan mo ang aralin.

7. Bigyang halaga mo sana ang modyul na ito. Sikapin mong sagutin ang mga gawain nang may pagsisikap upang ikaw ay lubusang matuto.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Marahil, iniisip mo na madali lang ang paksa ng modyul na ito. Araw-araw mo nga naman kasing ginagamit ang pangungusap. Kung kaya't bibigyan muna kita ng panimulang pagsubok upang malaman ko ang iyong kaalaman tungkol dito. Simulan mo na! Tandaang gumamit ng hiwalay na sagutang papel.

Kumpletuhin mo ang bawat pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ang ______________ ay salita o mga salita na nagpapahayag ng buong diwa.
   a. letra
   b. parirala
   c. pangungusap

2. Ang mga salitang “batang babae” ay halimbawa ng _____________.
a. parirala.
b. pandiwa.
c. kataga.

3. Ang dalawang batayang bahagi ng pangungusap ay ______________________
a. pang-uri at pangngalan.
b. paksa at panaguri.
c. parirala at pandiwa.

4. Ang pangungusap na “Si Jenny ay nag-aaral.” ay halimbawa ng pangungusap na ____________.

a. payak.
b. tambalan.
c. hugnayan.

5. Ang pagpapaliwanag ay isang uri ng:

a. pagsasalaysay
b. paglalarawan.
c. paglalahad.

6. Ang pangungusap na ________________ ay pinagsamang pangungusap na tambalan at hugnayan.

a. payak
b. tambalan
c. langkapan

7. Isang halimbawa ng pangungusap na tambalan ang ___________________.

a. Sina John at Joan ay magkapatid.
b. Ang librong ibinigay mo sa akin ay nawala.
c. Si Art ay umaawit at si Bing ay sumasayaw.

8. _____________________ ang pangungusap kung ito ay nagkukuwento.

a. Nagsasalaysay
b. Naglalarawan
c. Nangangatwiran

9. Ang tatlong sangkap ng pagsulat ay ____________________.

a. lapis, papel at pambura
b. pangungusap, salita at parirala
c. kaisahan, pagkakaugnay-ugnay at diin

10. Piliin ang titik ng pangunahing ideya ng talata sa ibaba.

*Mahalaga ang mga hayop sa buhay ng tao. Marami silang pakinabang sa atin. Sa kanila tayo kumukuha ng pagkain tulad ng karne. Ang kanilang balat ay nagagamit natin sa paggawa ng damit at sapatos. Nakatutulong din sila sa ating mga gawain.*

a. Kumukuha tayo ng pagkain sa hayop.
b. Mahalaga ang hayop sa buhay natin.
c. Magagamit natin ang balat ng hayop.

Nasagot mo ba ang lahat ng tanong? Sige, kunin mo na ang *Susi sa Pagwawasto* sa guro at iwasto mo ang iyong mga sagot. Tingnan kung ano ang iyong iskor. Kung nakakuha ka ng:

8 – 10 Binabati kita! Natitiyak kong magiging madali sa iyo ang mga aralin!

1 – 7 Huwag kang mag-alala. Makatutulong sa iyo ang modyul na ito upang maunawaan mo ang paksang tatalakayin.

Sige, pumunta ka na sa mga gawain.

## Mga Gawain sa Pagkatuto

Sub-Aralin 1

## Pagkilala sa Pangungusap

Layunin

Matapos ang araling ito, inaasahang nagagawa mo na ang mga sumusunod:

1. nasasabi ang kahulugan ng pangungusap
2. naibibigay ang mga dalawang bahagi ng pangungusap
3. nakikilala ang dalawang ayos ng pangungusap
4. natutukoy ang pangungusap at hindi pangungusap

**Alamin**

**"Magandang araw sa iyo, kaibigan."**

Sigurado akong naintindihan mo ang bati ko sa iyo. Pero kapag sinabi kong **"araw sa iyo,"** hindi mo tiyak kung ano ang gusto kong sabihin.

Marahil, hindi lang sa pagkakataong ito hindi mo naunawaan ang sinasabi ng iyong kausap. Sapagkat maaaring hindi pangungusap ang kanilang sinasabi. Ito ang halaga ng pag-alam kung pangungusap o hindi ang iyong maririnig o mababasa.

Basahin mo ang maikling talata sa kabilang pahina.

***Ang Pinya ng Tagaytay***

*Ang bayan ng Tagaytay ay matatagpuan sa probinsiya ng Cavite. Kilala ang Tagaytay dahil sa bulkan ng Taal, ang pinakamaliit na bulkan sa mundo. Ngunit kilala rin ang Tagaytay dahil sa kanyang pinya.*

*Ang pinya ang kanyang pangunahing produkto. Maraming lupain sa Tagaytay ang may taniman ng pinya. Kilala sa pagiging matamis ang kanilang mga pinya. Ang mga ito ay kanilang kinakalakal. Ipinagbibili nila ito sa iba't ibang bayan sa Pilipinas. Ipinagbibili rin nila ito sa labas ng bansa.*

Naiintindihan mo ba ang sinasabi ng mga grupo ng salita sa itaas? Natitiyak kong oo sapagkat **buo ang kanilang diwa**. Kailan sinasabi na buo ang diwa? Kapag malinaw ang ideyang kanilang isinasaad. Ang tawag sa mga grupo ng salitang ito ay **pangungusap**.

**Linangin**

Ang pangungusap ay may dalawang bahagi: ang **paksa** at **panaguri**. Ang **paksa** ang pinag-uusapan sa pangungusap. Ang panaguri naman ay **nagbibigay komento** o **tumatalakay sa paksa.**

Suriin mo ang pangungusap sa ibaba. Alin ang paksa at panaguri sa pangungusap?

*Ang tinapay ay masarap.*

Kung sinabi mong "Ang tinapay" ang paksa, tama ka! Kung sinabi mo naman na "masarap" ang panaguri, tama ka ulit! Ang paksa ng pangungusap ay **ang tinapay**. Sinasabi naman ng panaguri na ito ay **masarap**.

Ngayon naman ay suriin mo ang dalawa pang pangungusap sa ibaba.

*Ang kahon ay punung-puno ng laruan.*
*Ang bata ay nagmamadaling umuwi.*

Ano ang paksa sa una at ikalawang pangungusap? Tama ka. Ang paksa sa unang pangungusap ay "Ang kahon" samantalang sa ikalawa ay "Ang bata."

Ngayon, pansinin mo ang nasa unahan ng dalawang paksa. Ano ang salitang nasa unahan ng mga ito? Tama ka kung **"Ang"** ang iyong sagot. Ito ang madalas na nasa unahan ng paksa. Ibig sabihin, ito ang **pananda ng paksa**. Ginagamit ito kapag **isa lamang ang pinag-uusapan** sa pangungusap. Kapag **maramihan naman ang pinag-uusapan sa pangungusap**, ang mga salitang **"Ang mga"** ang ginagamit.

Tingnan mo ang dalawang halimbawa ng pangungusap na may paksang maramihan.

***Ang mga*** bata ay umaawit.
***Ang mga*** alaga ni Jose ay malulusog.

Suriin mo ang dalawang pangungusap. Anong mga salita ang nasa unahan ng paksa?

*Si Duday ay mabait na bata.*
*Sina Arnold at Roger ay magkaklase.*

Tama ka. Nagsisimula ang unang pangungusap sa salitang "**Si"** at "**Sina**" naman ang ikalawa. Ang mga salitang **Si at Sina** ay mga pananda din ng paksa. Kailan ginagamit ang **Si** at Sina? Ginagamit ang Si at Sina kapag ang paksa sa pangungusap ay **mga tao na may tiyak na pangalan**. Ang Si ay **ginagamit kapag iisa ang pinag-uusapan sa pangungusap**. Ang Sina naman ay **ginagamit kapag maramihan ang pinag-uusapan sa pangungusap**.

Tingnan mo ang ilang halimbawa ng pangungusap na gumagamit ng Si at Sina.

***Si** Kris ay maganda at matalino.*
***Sina** Roy, Bong at Rowel ay pumunta sa simbahan.*

Ano ang napansin mo sa ayos ng mga paksa at panaguri? Tama. Nauuna ang paksa sa panaguri. Kapag ang **paksa ay nauuna sa panaguri**, ang pangungusap ay nasa ayos na **di-karaniwan**.

Suriin mo naman ang dalawang pangungusap sa ibaba. Ano ang ayos ng mga pangungusap?

*Naglalaro ng taguan ang mga bata.*
*Mabilis tumakbo ang aso.*

Hindi ba't nauuna ang panaguri sa paksa? Kapag ang **panaguri ay nauuna sa paksa**, ang ayos ng pangungusap ay **karaniwan**. Sa ayos ding ito, hindi rin ginagamit ang panandang ***ay***.

Tingnan mo ang dalawang pangungusap sa ibaba. Alin ang nasa ayos na di-karaniwan at ayos na karaniwan?

*Si Jose ay matangkad.*
*Matangkad si Jose.*

Tama ka kung ang sinabi mong nasa ayos na di-karaniwan ang unang pangungusap at nasa ayos na karaniwan ang ikalawa. Magkapareho ang dalawang pangungusap. Magkaiba lang ang kanilang ayos. Ano ang isa pang pananda na ang pangungusap ay nasa di-karaniwang ayos? Tama, ang **"ang."**

Basahin mo nang malakas ang dalawang pangungusap. Alin sa dalawa ang **natural** sa iyong pandinig?

Kung sinabi mong ang pangalawa, tama ka. Sa mga Pilipino, higit na natural na unahin sa karaniwang usapan ang panaguri kaysa sa paksa. Kaya tinawag itong karaniwan. Medyo kakaiba naman sa pandinig kung nauuna ang paksa sa panaguri. Kaya tinawag itong di-karaniwan.

Minsan, may pangungusap na binubuo lamang ng isang salita. Halimbawa ng mga ito ay:

*a. Takbo!* *b. Umuulan.* *c. Bakit?*

Bakit sila itinuturing na pangungusap? Mga pangungusap sila sapagkat buo o malinaw ang kanilang diwa o ideyang isinasaad. Kung kaya, ang pangungusap ay **salita o grupo ng mga salita na nagsasaad ng buong diwa.**

Ngunit hindi lahat ng salita o grupo ng mga salita ay pangungusap. Pansinin ang mga salita sa ibaba:

*a. ang magkapatid* *b. magandang-maganda* *c. kusang humarap*

Malinaw ba sa iyo ang kanilang mga diwa o ideya? Hindi. Hindi mo sila lubos na maintindihan sapagkat **hindi buo ang kanilang diwa o ideya**. Ang tawag sa kanila ay **parirala**. Ang ilan pang halimbawa ng parirala ay ang mga sumusunod:

a. *pula at puti*
b. *matamis na prutas*

Suriin mo naman ang mga grupo ng salitang nasa ibaba. Alin-alin ang mga pangungusap at parirala?

a. *Ang guro ay nagbabasa nang tahimik.*
b. *Bumili ng sapatos ang manlalaro ng basketball.*
c. *sina Gina at Gino*
d. *mataas na puno*

Kung sinabing mong ang una at ikalawa ang pangungusap, tama ka. Siyempre, ang ikatlo at ikaapat naman ay parirala.

**Gamitin**

Tingnan natin kung naintindihan mo ang tinalakay sa itaas. Sagutin mo ang mga sumusunod na gawain. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

A. Isulat sa sagutang papel ang **PK** kung ang mga salitang may salungguhit ay paksa at **PN** kung panaguri.

______1. <u>Maganda at mayaman</u> ang Pilipinas.
______2. <u>Ang mga tanawin sa Pilipinas</u> ay maipagmamalaki natin.
______3. <u>Ang talon ng Pagsanjan</u> ay kayganda sa paningin.
______4. Kaakit-akit <u>ang bulkang Mayon sa Bicol</u>.
______5. Ang Parke ng Pasonanca <u>ay puno ng makukulay na bulaklak</u>.

B. Isulat sa sagutang papel kung ang bawat pangungusap ay nasa ayos na di-karaniwan o karaniwan.

1. Kilalang-kilala ang mangga ng Pilipinas.
2. Ang mangga ng Pilipinas ay ibinibenta sa ibang bansa.
3. Galing sa Isla ng Guimaras ang ibinibentang matatamis na mangga.
4. Ligtas at walang sakit ang mangga ng Guimaras.
5. Ang rehiyon ng Davao ay nagbebenta rin ng mangga.

C. Piliin at isulat sa sagutang papel ang mga pangungusap sa ibaba.

1. Ang kangkong
2. Maraming benepisyong makukuha sa kangkong.
3. Ang halamang kangkong ay gamot sa puso.
4. saluyot at toge
5. Pinababababa ng ginseng ang kolesterol sa katawan.

Nasagot mo ba ang lahat? Ihambing mo kung katulad ng nasa ibaba ang iyong mga sagot.

Para sa A: 1. PN 3. PA 5. PN
2. PA 4. PA

Para sa B: 1. karaniwan 3. karaniwan 5. di-karaniwan
2. di-karaniwan 4. karaniwan

Para sa C. Ang mga pangungusap ay nasa bilang 2, 3 at 5

Kung hindi mo nasagot lahat, balikan mong muli ang aralin.

**Lagumin**

Madaling maunawaan ang pangungusap kung tatandaan mo ang mga sumusunod na ideya. Tandaan mo na ang pangungusap ay **salita o grupo ng mga salita na nagsasaad ng buong diwa.** Binubuo ito ng paksa at panaguri na may sinasabi tungkol sa paksa.

Tandaan mo rin na maaaring isulat ang pangungusap sa dalawang ayos o paraan. Sa ayos na di-karaniwan, **nauuna ang paksa sa panaguri**. Sa ayos na karaniwan, nauuna ang panaguri sa paksa at wala ang panandang ***ay***.

Napag-aralan mo rin na hindi lahat ng salita o grupo ng mga salita ay pangungusap. Hindi pangungusap sapagkat hindi buo ang kanilang diwa.

Ngayon, handa ka na bang sagutin ang pagsusulit sa *Subukin*? Simulan mo na.

**Subukin**

A. Isulat muli ang mga pangungusap sa iyong sagutang papel. Salungguhitan ang paksa at bilugan ang panaguri.

1. Mahusay na siyentipiko si Dr. Rafael Guerrero III.

2. Ang tilanggit ay isa sa kanyang mga eksperimento.
3. Madali lang ang paggawa ng tilanggit.
4. Ang tilanggit ay pinaikling tilapiyang dinanggit.
5. Ang tilanggit ay maaaring ibenta ng P25 hanggang P40 kada kilo.

B. Isulat sa sagutang papel ang mga pangungusap sa ayos na karaniwan.

1. Ang harana ay bahagi ng ating romantikong tradisyon.
2. Ang tradisyon ng harana ay galing sa Espanya at Mehiko.
3. Ang pag-ibig ng lalaki sa babae ay ipinararating sa harana.
4. Ang madalas na instrumento sa harana ay gitara.
5. Ang hinaranang babae ay maaaring mahilinging umawit.

C. Isulat sa sagutang papel ang mga pangungusap sa ayos na di-karaniwan.

1. Nagpunta sa Europa ang grupong Bayanihan.
2. Mga mag-aaral sa kolehiyo ang mga miyembro ng grupo.
3. Nagtanghal ng mga katutubong sayaw ang grupo.
4. Natuwa at humanga sa kanilang galing ang mga manonood.
5. Si Dr. Helena Benitez ang tagapagtatag ng grupong Bayanihan.

D. Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung ang mga salita ay pangungusap at ekis (×) kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

______1. mga prutas.
______2. Mahalaga ang nutrisyon sa katawan.
______3. May makukuhang protina sa gatas, keso, itlog at isda
______4. bitamina at mineral
______5. Masustansyang gulay.

Nasagot mo ba ang lahat? Katulad ba ng nasa ibaba ang iyong mga sagot?

A.

1. Mahusay na siyentipiko <u>si Dr. Rafael Guerrero III</u>.
2. <u>Ang tilanggit</u> ay isa sa kanyang mga eksperimento.
3. Madali lang <u>ang paggawa ng tilanggit</u>.
4. <u>Ang tilanggit</u> ay pinaikling tilapiyang dinanggit.
5. <u>Ang tilanggit</u> ay maaaring ibenta ng P25 hanggang P40 kada kilo.

B.

1. Bahagi ng ating romantikong tradisyon ang harana.
2. Galing sa Espanya at Mehiko ang tradisyon ng harana.
3. Ipinararating sa harana ang pag-ibig ng lalaki sa babae.
4. Gitara ang madalas na instrumento sa harana.

5. Maaaring mahihilinging umawit ang hinaranang babae.

C.

1. Ang grupong Bayanihan ay nagpunta sa Europa.
2. Ang mga miyembro ng grupo ay mga mag-aaral sa kolehiyo.
3. Ang grupo ay nagtanghal ng mga katutubong sayaw.
4. Ang mga manonood ay ay natuwa at humanga sa kanilang galing.
5. Ang tagapagtatag ng grupong Bayanihan ay si Dr. Helena Benitez.

D.

__x__1. mga prutas.
__✓__2. Mahalaga ang nutrisyon sa katawan.
__✓__3. May makukuhang protina sa gatas, keso, itlog at isda
__x__4. bitamina at mineral
__x__5. Masustansyang gulay.

Kung nakakuha ka ng labing-anim (16) o higit pang tamang sagot, binabati kita! Maaari ka nang magpatuloy sa Sub-Aralin 2. Kung mas mababa sa labing-anim (16), balikan ang aralin at sagutan ang mga tanong sa *Paunlarin.*

**Paunlarin**

Kung kailangan mo pa ng dagdag na pagsasanay, sagutin mo ang mga gawaing ito.

A. Bumuo ng isang pangungusap para sa larawan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



**Salungguhitan** mo ang paksa at **bilugan** ang panaguri sa bawat pangungusap na binuo mo.

Kung tama ang iyong ginawa, maaari ka nang magpatuloy sa Sub-aralin 2. Kung hindi, balikan mo ang aralin.

## Sub-Aralin 2

## Mga Uri ng Pangungusap ayon sa Kayarian

Layunin

Matapos ang araling ito, inaasahang nagagawa mo na ang mga sumusunod:

1. nakikilala ang mga pangungusap batay sa kayarian

    - payak
    - tambalan
    - hugnayan
    - langkapan

2. nakabubuo ng mga pangungusap na payak, tambalan, hugnayan at langkapan.

**Alamin**

Masaya ako dahil umabot ka na sa araling ito. Ngayon ay handa ka nang madagdagan pa ang iyong kaalaman.

Tulad ng isang gusali, ang pangungusap may iba't ibang uri o balangkas. Basahin mo ang maikling talata.

***Integrasyon ng Ekonomiya: Susi ng Kaunlaran***
*ni Tereso Tullao*

*Ayon sa mga ekonomista ng pamahalaan ang matamlay na record ng ating ekonomiya ay bunga ng mga dahilang external at internal. Sa labas ng bansa, naririyan ang malalang resesyon sa Estados Unidos, at iba pang industriyalisadong bansa na nakaapekto sa ting exports. Sa loob ng bansa, ang malaking ibinabayad sa utang, mahinang record ng export, mga industriyang nakatali sa pag-aangkat, at mahinang pagpasok ng dayuhang capital ay siyang nagpahina sa ekonomiya.*

*Halaw sa Malay, 1996*

Ano ang pinapaksa ng talata?

Ano ang napansin mo sa mga pangungusap? Hind ba't may mahaba at maikli. Mayroon ding simple at may kumplikado, ayon sa kayarian. Iyan ang pag-aaralan mo.

**Linangin**

May apat na balangkas ang pangungusap. Ang mga ito ay **payak, tambalan, hugnayan** at **langkapan**.

Suriin mo ang dalawang pangungusap sa ibaba. Ilan ang paksa at panaguri sa bawat isa?

1. *Ako ay naglalaba .*
2. *Namasyal ang pamilya.*

Kung sinabi mong may **isang paksa at may isang panaguri** ang bawat isa, tama ka. Mga halimbawa ito ng payak na pangungusap. Ano ang payak na pangungusap? Ang **payak na pangungusap** ay mayroon lamang **isang buong diwa o kaisipan**.

Ang payak na pangungusap ay maaari ring may **iisang paksa** at **dalawang panaguri** o **dalawang paksa** at **iisang panaguri**. Halimbawa:

1. *Si Kris at Tin ay magkaibigan.*
2. *Umaawit at sumasayaw si Jerome.*

Maaari rin naman na magkaroon ito ng **dalawang paksa** at **dalawang panaguri**. Halimbawa:

1. *Si Jo at Ann ay nagwawalis at nagbubunot.*
2. *Malaki at makulay ang gusali at bahay.*

Madali lang, hindi ba? Ngayon, pansinin mo naman ang pangungusap sa ibaba

1. *Si Jose ay umaawit at si Rina ay nagpipiyano.*
2. *Ako ang nagwawalis samantalang si Kuya ang naglalaba.*

Ano ang napapansin mo sa dalawang pangungusap? Tama ka. Ang bawat pangungusap sa itaas ay binubuo ng dalawang ganap na sugnay. Sa unang pangungusap, ang dalawang ganap na sugnay ay *"Si Jose ay umaawit"* at *"Si Rina ay nagpipiyano."* Sa ikalawa naman, ang dalawang ganap na sugnay y *"Ako ang nagwawalis"* at *"Si Kuya ang naglalaba."*

Ano 'ka mo ang sugnay? Ito ay **grupo ng salita na may paksa at panaguri**. Ang sugnay ay **ganap** kung **kaya nitong makapag-isa at may buong diwa**. Sa madaling salita, ang ganap na sugnay ay **pangungusap na payak**.

Ano ang tawag sa pangungusap na **binubuo ng dalawang ganap na sugnay o pangungusap na payak**? Ang tawag sa pangungusap na may ganitong kayarian ay **pangungusap na tambalan.**

Suriin mo ang mga pangungusap na tambalan sa ibaba:

1. *Sila ay masaya* ***at*** *kami ay malungkot.*
2. *Gusto kong mamasyal* ***ngunit*** *wala akong kasama.*

Ano ang mga pangungusap na payak sa bawat isa? Sa unang pangungusap, ang dalawang pangungusap na payak ay *"Sila ay masaya"* at *"Kami ay malungkot."* Sa ikalawa naman, ang dalawang pangungusap na payak ay *"Gusto kong mamasyal"* at *"Wala akong kasama."*

Ano naman ang mga **salitang nag-uugnay sa mga pangungusap na payak**? Sa unang pangungusap ay **at** samantalang sa ikalawa ay **ngunit**. Ang tawag sa mga ito ay pangatnig. Marami pang salitang nag-uugnay sa mga pangungusap na payak. Anu-ano ang mga ito? Naitala mo ba ang mga salitang ***saka, pati, ngunit, habang, samantala,*** at ***datapwa't***?

Ngayon, subukin mo ngang bumuo ng pangungusap na tambalan sa pamamagitan ng mga sumunod na pangungusap na payak

1. *Si Juan ay tumatawa. Si Mateo ay umiiyak.*
2. *Natutulog ang tigre. Naglalaro ang matsing. Kumakain ang elepante.*
3. *Makulay ang kanyang kuwarto. Maayos ang kanyang mga gamit.*

Kung ang mga sagot mo ay ang katulad ng mga nasa ibaba, binabati kita. Tama ang iyong mga sagot.

1. *Si Juan ay tumatawa samantalang si Mateo ay umiiyak.*
2. *Natutulog ang tigre, naglalaro ang matsing habang kumakain ang elepante.*
3. *Makulay ang kanyang kuwarto at malinis ang kanyang mga gamit.*

Madali lang makilala at bumuo ng pangungusap na tambalan, hindi ba? Suriin mo naman ang pangungusap sa ibaba. Pansinin mo rin ang mga salitang nakahilig at nakasalungguhit.

1. Ang hayop *na tinulungan niya* ay alaga ko.
2. *Kung sasamahan mo ako,* tutulungan kita.

Ang kayarian ng mga pangungusap sa itaas ay **hugnayan**. Ano ang mga bumubuo sa dalawang pangungusap na hugnayan? Ang dalawang pangungusap ay **binubuo ng isang ganap na sugnay at isang di-ganap na sugnay**. Ang mga salitang nakasalungguhit ay ganap na sugnay. Ang mga salitang nakahilig naman ay mga di-ganap na sugnay.

Naaalala mo pa ba ang ibig sabihin ng ganap na sugnay? Ito ay **grupo ng salita na may paksa at panaguri**. **Kaya nitong makapag-isa at may buong diwa**. Tinatawag din itong **punong sugnay** dahil ito **ang pinakamahalagang sangkap sa pangungusap at kayang mag-isa**. Ano ang ibig sabihin nito? Kayang tumayo nang mag-isa ang ganap na sugnay kahit wala ang di-ganap na sugnay. Pansinin mo ang mga katulad na pangungusap sa ibaba na wala ang mga di-ganap na sugnay.

Ang hayop ay alaga ko.
Tutulungan kita.

Ano naman ang di-ganap na sugnay? Kaiba sa ganap na sugnay, **ang di-ganap na sugnay ay hindi kayang makapag-isa.** Tinatawag din itong **katulong na sugnay.**

Ano ang ibig sabihin nito? Balikan mo ang dalawang pangungusap na tambalan sa itaas.

Sa unang pangungusap, ang di-ganap o katulong na sugnay na "na tinulungan niya" ay nagbibigay-turing sa pangngalan na "hayop." Ang iba pang halimbawa nito ay ang mga sumusunod. Ang mga salitang nakahilig ay mga di-ganap na sugnay.

1. Pumunta si Robert sa bahay *na lilipatan nila*.
2. Ang guro*ng nagtuturo sa amin* ay napakabuti.

Sa ikalawang pangungusap naman, ang di-ganap na sugnay na "Kung sasamahan mo ako" ay nagbibigay-turing sa pandiwang "tutulungan." Ang iba pang halimbawa nito ay ang mga sumusunod. Ang mga salitang nakahilig ay mga di-ganap na sugnay.

1. Siya ay nakauwi na *nang dumating kami.*
2. Natuwa si Mel *dahil nakatanggap siya ng regalo.*

Suriin mo ang mga pangungusap na hugnayan sa ibaba. Salungguhitan minsan ang punong sugnay at makalawa ang mga di-ganap o katulong na sugnay.

1. Bibili siya kung wala pang cake.
2. Ang babaeng nagbigay ng cake ay taga-Bulacan.
3. Bumili siya ng cake na ibibigay sa kanyang kapatid.
4. Maglilinis ako bago siya dumating.

Katulad ba ng nasa ibaba ang iyong mga sagot?

1. Bibili siya kung wala pang cake.
2. Ang babaeng nagbigay ng cake ay taga-Bulacan.
3. Bumili siya ng cake na ibibigay sa kanyang kapatid.
4. Maglilinis ako bago siya dumating.

Pansinin mo naman ang pangungusap sa ibaba. Ano ang napapansin mo sa bawat pangungusap?

*Matutuwa si Inay kung darating ang kanyang kapatid na taga-Baguio.*

Tama ka. Ang pangungusap ay binubuo ng isang ganap na sugnay, ang "Matutuwa si Inay" at dalawang di ganap na sugnay, ang "kung darating ang kanyang kapatid" at "na taga-Baguio."

Pansinin mo naman ang isa pang pangungusap sa ibaba. Mayroon din ba itong ganap at di-ganap na sugnay? Ilan ang ganap at di-ganap na sugnay na makikita rito?

*Nagulat si Ervin at nagtago si Milo nang tumayo ang kalabaw na alaga ni Rico.*

Tama ka. Ang pangungusap ay mayroong dalawang ganap na sugnay at di-ganap na sugnay. Ang dalawang ganap na sugnay ay "Nagulat si Ervin" at "Nagtago si Milo." Ang dalawang di-ganap na sugnay naman ay "nang tumayo ang kalabaw" at "na alaga ni Rico."

Anong uri ng mga pangungusap ang nasa itaas? Ito ay tinatawag na **langkapan**. Binubuo ito ng **isa o higit pang ganap na sugnay at isa o higit pang di-ganap na sugnay**. Tingnan mo ang dalawa pang halimbawa ng pangungusap na langkapan sa ibaba. Matutukoy mo ba kung alin ang mga ganap na sugnay at di-ganap na sugnay sa bawat isa?

*Nagbabasa si Jose at nagpapaturo si Paolo kapag malapit na ang pagsusulit.*
*Si Koy ay aawit at sasayaw si Ning kung tutugtog ka ng piyanong bigay ni Tiya.*

Sa unang pangungusap, ang dalawang ganap na sugnay ay "Nagbabasa si Jose" at ang "Nagpapaturo si Paolo." Ang di-ganap na sugnay naman ay "kapag malapit na ang pagsusulit." Sa ikalawa naman, ang dalawang ganap na sugnay ay "Si Koy ay aawit" at "Sasayaw si Ning." Ang dalawang di-ganap na sugnay naman ay "kung tututog ka ng piyano" at "bigay ni Tiya."

Ito rin ba ang mga sagot mo? Kung oo, sagutin mo ang mga gawain sa *Gamitin.* Kung hindi, basahin mong muli ang paliwanag.

**Gamitin**

1. Basahin ang teksto. Sabihin kung ano ang kayarian ng bawat pangungusap.
   Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

**Ang Jollibug**

(1) Kahanga-hanga ang Jollibug Corporation. (2) Kahit saan ka magpunta ka, mayroon itong restawrant na laging puno ng tao. (3) Ang pagkain dito ay katakam-takam. (4) Kung gutom ka, mayroon ditong manok, palabok at hamburger na gustung-gusto ng mga bata. (5) Ang mascot nitong si Jollibug ay sikat. Magalang ang staff dito at malinis ang paligid. (6) Dahil dito, maraming tao ang napupunta sa Jollibug.

2. Sabihin kung ganap na sugnay o di-ganap na sugnay ang mga nakasalungguhit na bahagi ng pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Kris & Tell**
*nina Catherine delos Santos, Mary Elaine Genito,*
*Jeanelaine Loang at Patrick Montalbo*

<u>Ang industriyang Pilipino ay hindi nawawalan ng tsismis</u>. Araw-araw ay may bagong intriga, pagbabatikos at mga mainit na balitaktakan <u>lalong-lalo na sa mundo ng showbiz</u>. Isa itong dahilan <u>sa walang humpay na pagsulpot ng mga talk shows sa telebisyon</u>. <u>May mga isyung hinahayaan na lamang lumipas</u> samantalang mayroon namang binibigyan ng linaw.

- halaw sa aklat na **Magpahayag Ka**

Tapos ka na ba? Sige, iwasto mo na. Katulad ba ng nasa ibaba ang iyong mga sagot?

A.

Payak:
(1) Kahanga-hanga ang Jollibug Corporation.
(3) Ang pagkain dito ay katakam-takam.

Tambalan:
(6) Magalang ang staff dito at malinis ang paligid.

Hugnayan:
(7) Dahil dito, maraming tao ang nagpupunta sa Jollibug.
(5) Ang mascot nitong si Jollibug ay sikat.

Langkapan:
(4) Kung gutom ka, mayroon ditong manok, palabok at hamburger na gustung-gusto ng mga bata.
(2) Kahit saan ka magpunta ka, mayroong restawrant na laging puno ng tao.

B:

Ang industriyang Pilipino ay hindi nawawalan ng tsismis. (ganap na sugnay).

lalong-lalo na sa mundo ng showbiz. (di-ganap na sugnay)

sa walang humpay na pagsulpot ng mga talk shows sa telebisyon (di-ganap na sugnay)

May mga isyung hinahayaan na lamang lumipas (ganap)

Tama bang lahat ang iyong sagot? Kung oo, magpatuloy ka sa susunod na bahagi. Kung hindi, balikan mo ang aralin.

**Lagumin**

Sa araling ito, natutunan mo na may apat na balangkas ng pangungusap.

Ang payak na pangungusap ay mayroon lamang **isang buong diwa o kaisipan**. Ito ay maaaring may **iisang paksa** at **iisang panaguri**. Ngunit maaari rin itong magkaroon ng **iisang paksa**

at **dalawang panaguri** o **dalawang paksa** at **iisang panaguri**. Maaari na buuin ito ng ng **dalawang paksa** at **dalawang panaguri**.

Ang pangungusap na tambalan naman ay **mayroong dalawa o higit pang ganap na sugnay**. Ang sugnay ay **grupo ng salita na may paksa at panaguri**. **Ganap na sugnay** ito kapag kayang **makapag-isa at may buong diwa**. Sa madaling salita, ang ganap na sugnay ay **payak na pangungusap**. Ang **di-ganap na sugnay** ay **hindi kayang makapag-isa ngunit may tulong ito sa pangungusap.** Gumagamit ng mga pangatnig sa pagbuo ng pangungusap na tambalan.

Ang pangungusap na **hugnayan** naman ay **binubuo ng isang ganap na sugnay at ng isa di-ganap na sugnay.** Ang pangungusap na **langkapan** naman ay binubuo ng **isa o mahigit pang ganap na sugnay at ng dalawa o mahigit pang di-ganap na sugnay**.

Malinaw ba sa iyo ang lahat? Kung oo, sagutan mo na ang pagsusulit sa *Subukin.* Kung hindi, balikan mo ang aralin.

**Subukin**

a. Sabihin kung ang bawat pangungusap sa talata ay payak, tambalan, hugnayan at langkapan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Si Itay at Inay**

(1) Masipag ang mga magulang ko. (2) Tuwing umaga, nagpupunta sila sa palengke. (3) Nagtitinda ng manok si Itay at naglalako ng kakanin si Inay. (4) Pagdating ng gabi, sila ay may pasalubong na pagkaing paborito ko. (5) Kung may sakit ako, hindi sila umaalis. (6) Magluluto ng sabaw si Inay habang magbabantay si Itay. (7) Si Itay ay bibili ng mga prutas at Si Inay naman ay magbabasa ng kuwentong mula sa libro. (8) Mahal ko sila.

b. Gawing tambalan ang sumusunod na pangungusap.

1. Si Jose ay taga-Santa Cruz. Si Arvin ay taga-Sampaloc.
2. Malaki ang bahay ni Arvin. Maliit ang bahay ni Jose.
3. Tahimik si Jose. Masalita naman si Arvin.
4. Mahilig umawit si Jose. Mahusay maggitara si Arvin.

5. Magkaklase sin Jose at Arvin.  .  Sila ay magkasama sa banda.

c. Bumuo ng isang talata tungkol sa larawan.  Gamitin ang iba't ibang balangkas ng pangungusap.



Pagkatapos mong isulat ang talata, ipakita mo ito sa iyong guro para maiwsto.

Nasagot mo ba ang lahat?  Tingnan mo kung katulad ng nasa ibaba ang iyong mga sagot.

a.
1. Payak
2. Hugnayan
3. Tambalan
4. Langkapan
5. Hugnayan
6. Tambalan
7. Langkapan
8. Payak

b. 1. Si Jose ay taga-Santa Cruz at si Arvin ay taga-Sampaloc.
2. Malaki ang bahay ni Arvin habang maliit ang bahay ni Jose.
3. Tahimik si Jose ngunit  masalita naman si Arvin.
4. Mahilig umawit si Jose at mahusay maggitara si Arvin.
5. Magkaklase sina Jose at Arvin at sila ay magkasama sa banda.

Kung nasagutan mong lahat ang mga gawain, binabati kita!  Maaari ka nang magpatuloy sa Sub-Aralin 3.  Kung sa palagay ay kailangan mo, balikan ang tinalakay sa *Linangin* at sagutan ang mga tanong sa *Paunlarin.*

**Paunlarin**

Kung kinakailangan, makatutulong ang mga gawain dito upang lalo mong maunawaan ang aralin. Simulan mo na, kaibigan.

A. Sabihin kung ang mga salitang may salungguhit ay ganap o di-ganap na sugnay. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

***Biyaheng Tarlac***

*Nagpunta kami sa Tarlac <u>na probinsiya ni Inay</u>. <u>Malayo ang Tarlac</u> kung kaya't mahaba ang aming biyahe. Nagbabasa ako ng libro <u>habang natutulog si Ate</u>. <u>Nagkukuwentuhan naman sina Inay at Itay</u>. Pagdating sa Tarlac, <u>sinalubong kami ng aming mga kamag-anak</u>.*

Tingnan ang mga larawan tungkol sa mga kaugalian ng mga Ilokano. Bumuo ng tig-isang pangungusap na tambalan, hugnayan at langkapan.




(larawan 1:)




(larawan 2)



(larawan 3)

Tingnan mo kung tama ang iyong mga sagot.

Para sa A. 1. <u>*na probinsiya ni Inay*</u> (di-ganap na sugnay)

2. <u>*Malayo ang Tarlac*</u> (ganap na sugnay)

3. <u>*habang natutulog si Ate*</u> (di-ganap na sugnay)

4. <u>*Nagkukuwentuhan naman sina Inay at Itay.*</u> (ganap na sugnay)
5. <u>*sinalubong kami ng aming mga kamag-anak*</u>. (ganap na sugnay)

Para sa B. Ang mga pangungusap na maaaring mabubuo mo tungkol sa larawan ay ang mga sumusunod.

1. Maganda ang basket at ipinagbibili sa palengke.
2. Ang lalaki ay mahusay umukit ng estatwang gawa sa kahoy.
3. Ang mga matatanda sa pamayanana ay sumasayaw habang tumutugtog naman ng gong ang mga kabataan.

Kung nakakuha ka ng labindalawa (6) o higit pang tamang sagot, binabati kita! Maaari ka nang magpatuloy sa Sub-aralin 2. Kung mas mababa sa labindalawa, balikan ang mga pinag-aralan sa Sub-aralin 1.

## Sub-Aralin 3:

## Uri ng Pangungusap batay sa Layon

**Layunin**

Matapos ang araling ito, inaasahang nagagawa mo na ang mga sumusunod:

1. Sa araling ito, inaasahan na makilala mo ang mga pangungusap batay sa layon:
- naglalarawan
- nagsasalaysay
- naglalahad
- nangangatwiran.

2. Gayundin, makabuo ng iba't ibang uri ng pangungusap na naglalarawan, nagsasalaysay, naglalahad at nangangatwiran.

**Alamin**

Alam mo na ngayon kung paano bumuo ng pangungusap. Pag-aaralan mo naman ngayon ang mga uri ng pangungusap ayon sa layon. May iba't ibang layunin ang mga pangungusap. Maaring naglalarawan, nagsasalaysay, naglalahad o nangangatwirn. Iyan an gating pag-aaralan sa Sub-araling ito.

**Linangin**

Basahin mo ang maiking talata sa susunod na pahina.

***Quentin***

*ni Rogelio. Sikat*

*Baluktot ang kaliwa niyang kamay. Higit siyang mababa sa aming dalawa ni Ben, at higit na matanda pa, kaipala. Nakaternong kupas na khaki siya, nanlalampot, at ang manggas ay nakabolga sa mga galang. Mahaba ang kanyang buhok na halos ay*

Tungkol saan ang talata? Tungkol sa isang tao, di ba? Nabubuo ba sa iyong isip ang hitsura ng taong inilalarawan? Anu-anong mga salita ang nakatulong sa pagbuo mo ng imahen ng taong iyan. Tama, **baluktot, mababa, kupas, nanlalampot, mahaba** at **malalapad**. Malinaw, hindi ba? Ang talatang ito ay naglalarawan.

Basahin mo naman ang isang talata mula sa isang kuwento.

***Ama ni Pando***

*ni Enrico C. Torralba*

*Pagkaalis ni Kuyang, lumabas si Ama sa bahay. Hindi niya alam, lihim ko siyang sinundan. Hindi ako makapaniwala sa aking nakita: nakangiti si Ama at parang may ibinubulong na awit. Natuwa ako ngunit sandali lamang. Tumigil si Ama sa pabulong na pag-awit at nakita kong nawala ang kanyang ngiti. Natahimik siya at malungkot na tumanaw sa malayo. Agad akong bumalik sa bahay nang makitang kong pabalik na rin si Ama.*

Nasundan mo ba ang mga pangyayari sa talatang iyong binasa? Anu-ano ang mga ito? Ano, samakatuwid ang layunin ng talata? Magsalaysay ba ang iyong sagot? Kung gayon, tama ka. May mga pananda ba na nagpahiwatig na ito ay pasalaysay? Anu-ano iyon? Tama ka ulit. Ang mga ito ay karaniwang mga pandiwa tulad ng **pagkaalis, natuwa, tumigil, natahimik** at **bumalik**. Ang mga salitang ito ay nagsasaad ng mga pangyayari.

Sa pagsasalaysay ng mahigit sa isang pangyayari, mainam na gumamit ng mga pangatnig. Ang **pangatnig** ay mga salitang **nag-uugnay sa mga ideya ng pangungusap**. Nakatutulong ito upang maging madulas ang daloy ng pagsasalaysay. Basahin mo ang talata sa ibaba.

> *Isang araw ay lumabas ng bahay si Pilo upang magtanim. Una, binungkal niya ang lupa para ito ay lumambot. Pagkatapos ay ibinaon niya ang mga binhi at diniligan. Mayamaya ay bumalik na siya sa loob ng bahay.*

Malinaw, di ba? Anu-ano ang mga pangatnig na ginamit? Naitala mo ba ang **una, pagkatapos** at **maya-maya?** Madali mong nasundan ang mga pangyayari dahil sa mga pangatnig. Basahin at pag-aralan mo ang talatang ito.

> *Ang ubo ay hindi sakit. Sintoma lamang ito ng isang kondisyon sa baga. Maraming sanhi ng ubo. Puwedeng ito ay dala lamang ng allergy, upper respiratory tract infection, o TB. Puwede rin itong dulot ng kanser sa baga, bronchitis, emphysema at pulmonya.*
>
> *Halaw sa* ***Usapang Medikal*** *ni Luis Gatmaitan, M.D.,*
> *Liwayway, Enero 19, 1998*

Anu-ano ang naging malinaw sa iyo tungkol sa ubo? Marami! Halimbawa, hindi ito sakit kundi sintoma lamang ng isang kondisyon sa baga. Ano pa? Tama. Ang ubo ay maaaring dalang allergy, upper respiratory tract infection o TB. Malinaw ang pagpapaliwanag, di ba? Iyan ang layunin ng talatang iyong binasa.

Ang ikatlong talata ay binubuo ng mga pangungusap na naglalahad. **Ang pangungusap na naglalahad ay may layuning na magpaliwanag o maglinaw ng isang gawain, proseso, pangyayari, salita, kahulugan o konsepto.**

Maraming anyo ng paglalahad. Ang ilan ay ang mga sumusunod:

a. Pagbibigay-kahulugan

> *Ang pangungusap ay maaaring isang salita o grupo ng mga salita na nagpapahayag ng iisang buong kaisipan at may paksa at panaguri.*

Paano mo malalaman kung ang isang salita o grupo ng salita ay pangungusap? Hindi ba't kailangan ay may buo itong kaisipan? Maliwanag itong sinabi ng pangungusap sa itaas, hindi ba?

b. Panuto:

***Hamon sa mga Estudyanteng Manunulat***

- *Magpadala ng limang pahinang sanaysay, kalakip ang retrato ng awtor at maikling paglalarawan sa sarili.*
- *Ang malalathalang sanaysay ay may premyo ng P500.*
- *Ipadala ang inyong sanaysay sa* ***Tinedyer*** *c/o KAAKBAY MAG, # 1831 Milagros St., Cubao, Quezon City.*

Ukol kanino ang anunsyo sa itaas? Tama, para sa mga estudyanteng manunulat. Malinaw ba ang mga dapat gawin ng isang estudyanteng manunulat kung nais magpadala ng sanaysay? Malinaw! Sapagkat isa-isang ipinaliwanag ng anunsyo ang mga hakbang.

c. Sanaysay

*Kung tutuusin, iisa nga dakilang layunin ng Panitikan—ang maging tanda ng pagkakaisa ng kalooban sa isang bayan. Higit sa ibang sining, panitikan ang pinakamalinaw at pinakabuhay na salamin ng kaloobang ito, sapagkat binubuo ng wika, at sa wika nalalaman, ang tunay na talambuhay ng isang lahi.*

*Halaw* ***Panitikan para sa Kaisahan ng Bayan***
*ni Rolando Tinio, Magpahayag Ka*

Ano ang paksa ng sanaysay na iyong binasa? Tama ka! Panitikan ang paksa ng sanaysay. Ano ang ipinaliliwanag ng awtor tungkol sa panitikan? Tama ka ulit! Ipinaliliwanag ng awtor ang dakilang layunin ng panitikan na "maging tanda ng pagkakaisa ng kalooban sa isang bayan." Bakit panitikan? Ayon sa awtor, "ang panitikan ang pinakamalinaw at pinakabuhay na salamin ng kaloobang ito, sapagkat binubuo ng wika, at sa wika nalalaman, ang tunay na talambuhay ng isang lahi." Ayos ba?

d. Balita

> *Ipinag-utos kahapon ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa Department of Social Welfare and Development (DSWD) ang pagpapaigting sa distribusyon ng mga kupon sa pagkain sa mga mahihirap na pamilya, kasunod ng ulat ng Social Weather Station (SWS) survey na 15.1 porsiyento ng mga Pinoy ang dumaranas ng pagkagutom sa kasalukuyan.*
>
> *Ang mga libreng rasyon ng pagkain ay makukuha umano sa bawat lokal na tanggapan ng nasabing ahensiya kapalit ng ipi-presentang kupon.*
>
> *Halaw sa* ***Kupon sa mga Gutom, Ikakalat***
> *nina Rose Miranda, Boyet Jadulco, Eralyn Prado*
> *Abante, Oktubre 6, 2004*

Ang paglalahad ay **pagsasabi ng katotohanan**. Ito ay **nagbibigay ng impormasyon o kaalaman**. Anu-ano ang mga impormasyong ibinigay ng balitang binasa mo? Sino ang nag-utos sa DSWD na ipamahagi ang kupon sa pagkain? Para saan ang ipamamahaging kupon? Paano makakakuha ng pagkain sa pamamagitan ng kupon?

Tama ang iyong sagot kung sinabi mong si Pangulong Arroyo ang nag-utos sa DSWD na ipamahagi ang kupon sa pagkain sa mga mahihirap na pamilya. Tama rin kung ang sagot mo na makukuha ang pagkain kung ipagpapalit ang kupon sa bawat lokal na tanggapan ng ahensiyang namamahala nito. Ang mga impormasyong ito ay nakuha mo nang malinaw dahil ipinaliwanag ng balita.

Sa paglalahad, may ilang bagay na dapat mong tandaan.

- Gumamit ng angkop na bahagi ng panalita
- Gawing tiyak, payak at malinaw ang pangungusap
- Tiyaking ang sasabihin ay batay sa matalinong panukala.

- Kung higit pa sa isang pangungusap, tiyakin na may wastong pagkakasunud-sunod ang mga ito.

Minsan naman ay hindi lang paglalahad ang iyong ginagawa. Kinakailangan ka ring mangatwiran. Basahin mo ang talata sa ibaba.

***"Ekonomiks ng Kapaligiran"***
*ni Dr. Tereso Tullao*

*Sa sanaysay na ito ay naipakita ang kahalagahan ng pangangalaga ng ating likas-yaman at kapaligiran. Ang kakanyahan ng ekonomya na mapanatili ang kabuhayan at kaunlaran ng mga mamamayan nito ay nakasalalay sa mga likas-yaman. Ang maaksaya at labis na paggamit ng mga likas-yaman ay may matinding epekto sa sistemang ekolohikal na maaaring pigilin ang patuloy na paglaki ng ekonomya.*

*Halaw sa Malay 1996*

Sang-ayon ka ba na may kaugnayan ang likas-yaman sa kabuhayan at kaunlaran ng mga mamamayan? Naniniwala ka ba na ang labis na paggamit nito ay maaaring makapigil sa paglaki ng ekonomiya.

Iyan ang mga katwiran ni Dr. Tullao dahil ang layunin niya ay mangatwiran o mangumbinsi.

Basahin mo naman ang mga talata sa kabilang pahina.

**Pambubugbog ng Asawa, Hindi Tama**

*Sa mga mag-asawa, hindi maiiwasan na magkaroon ng paminsan-minsang pag-aaway. Ngunit iba na ang usapan kung may halo itong pambubugbog, lalo na kung ito ay malimit.*

*Katwiran ng isang lalaking nambubugbog ng asawa, natural lang ang ganoon. Siya ang lalaki. Siya ang mas malakas. Nararapat lamang na pumailalim sa kanyang kapangyarihan ang asawa. "Nasa bibliya nga ito," sabi niya.*

*Totoo. Sinabi ng bibliya na "Babae, pasakop ka sa iyong asawa." Ngunit sinabi din ng bibliya na "Lalaki, mahalin mo ang iyong asawa tulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili." Ibig sabihin, dapat tiyakin ng lalaki na mamumuhay nang marangal, ligtas at tahimik ang kanyang asawa. Hindi ba't ang kahulugan ng pag-aasawa ay "lumagay sa tahimik."*

Tungkol saan ang binasa mo? Ano ang pananaw ng awtor tungkol sa paksa? Sang-ayon ba siya o hindi? Ano ang kanyang mga dahilan o katwiran?

Tama ka kung sasabihin mong tungkol sa pambubugbog ang akdang binasa. Malinaw na hindi sang-ayon ang awtor sa gawaing ito. Basahin mo ang nagpapatunay dito. Hindi ba't sinabi niya na "*dapat tiyakin ng lalaki na mamumuhay nang marangal, ligtas at tahimik ang kanyang asawa.*" Pinatunayan niya ito sa pamamagitan ng pagbanggit sa nakasaad sa bibliya.

Sang-ayon ka ba sa kanyang mga katwiran o argumento? Ano ang layunin ng mga pangungusap sa talatang iyong binasa? **Pangangatwiran** ang layunin ng binasa mo. Ang pangungusap na nangangatwiran ay **nanghihikayat o nangungumbinsi na tanggapin ng kausap ang isang ideya o kaisipan**. Upang maabot ang layuning ito, kailangan mayroong pantulong na ideya o matibay na katwiran para sa pangunahing ideya.

Ilan pang halimbawa ng pangungusap na nangangatwiran ay ang mga sumusunod.:

a. Magandang ituro ang matematika sa wikang katutubo dahil mas madali itong maiintindihan ng mga mag-aaral.

b. Mas mahusay sumayaw si GV kaysa kay MN sapagkat mas marami siyang alam na galaw.

Ano ang pangunahing ideya sa bawat pangungusap? Ano ang mga pansuportang dahilan, patunay o argumento sa bawat pangunahing ideya.

Sa unang pangungusap, ang pangunahing ideya ay ang kagandahan ng paggamit ng wikang katutubo sa pagtuturo ng matematika. Ang dahilan ng ganitong pananaw ay ang madaling pagkatuto o pagkaintindi ng mga mag-aaral sa matematika. Sa ikalawa naman, ang pangunahing ideya ay ang pagiging mas mahusay na mananayaw ni GV kaysa kay MN. Nasabi ito dahil sa mas maraming alam na galaw ang una kaysa sa huli.

Batay sa mga sinabi sa itaas, mapapansin mo na may dalawang bahagi ang isang pangungusap na nangangatwiran. Ano ang dalawang bahaging ito? Ang unang bahagi ay ang pangunahing ideya o ang pinakagustong sabihin. Ang pangalawang bahagi ay ang pantulong na ideya o ang katwiran na magpapatibay sa pangunahing ideya. Ano ang mga salitang makikita sa unahan ng pantulong na ideya o katwiran? Madalas, ang mga salitang **sapagkat**, **dahil** at **upang** ang ginagamit

Ano ang pangunahing ideya at pantulong na ideya sa bawat pangungusap sa ibaba?

*Kailangan nang umuwi sapagkat malapit nang dumilim.*
*Mag-aaral ako nang mabuti upang makatulong sa aking mga magulang.*

Tama, ang pangunahing ideya sa unang pangungusap ay "Kailangan nang umuwi" at ang pantulong na ideya o katwiran ay "sapagkat malapit nang dumilim." Sa ikalawang pangungusap naman, ang pangunahing ideya ay "Mag-aaral ako nang mabuti" at ang pantulong na ideya o katwiran ay "upang makatulong sa aking mga magulang."

May apat na uri ng pangungusap ayon sa layon: **naglalarawan, nagsasalaysay, naglalahad at nangangatwiran**.

Basahin mong muli ang talata tungkol kay Quentin.

Ano ang layunin ng mga pangungusap? Tulas ng nasabi na ang mga ito ay naglalarawan. Anu-ano ang inilarawan kay Quentin? Tass, edad, pananamit, anyo. Tama ka.

Ang pangungusap na naglalarawan ay may layuning **ipakita ang ayos, hugis, anyo, kulay ng isang tao, pook, pangyayari o damdamin**. Isa pang halimbawa ng paglalarawan ang talata sa ibaba. Basahin mo, kaibigan, at hulaan kung anong pook ito.

***Mas Mahalaga Kaysa Uno***
*Ni F. Villarin*

*Kahit maaga pa'y napakarami na ang taong paroo't parito. Nangingibabaw ang ingay at mababakas ang kasiglahan ng mga tindera sa pagsalubong sa isa namang bagong araw. Katakamtakam tingnan ang mga sariwang gulay, ang kumikinang-sa-kasariwaang mga isda, mga bagong dating na karne, prutas at iba pa. Makalipas ang ilang sandaling pamimili ng aking tiya sa kanyang iba't ibang suki, hinila niya ako upang dalhin naman sa tagiliran ng pamilihan.*

*Halaw sa Binhi. UP Press*

Nahulaan mo ba na pamilihan o palengke ang inilalarawan sa talata? Anu-ano ang mga salitang tumulong sa iyo? Ang mga salitang mga "tao," "tindera," "gulay," "isda," "karne," "prutas" at "suki" ay nagpapahiwatig na palengke ang pook. Ngunit mas luminaw ang larawan ng eksenang ito dahil sa mga salitang "paroo't parito," "katakam-takam," "sariwa," at "kumikinang-sa-kasariwaan." Angkop ang mga salitang ginamit, hindi ba?

**Gamitin**

Upang mas maintindihan mo ang napag-aralan, sagutan ang sumusunod na gawain.

A. Tukuyin kung ang bawat talata ay naglalarawan, nagsasalaysay, naglalahad o nangangatwiran. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Ang paninigarilyo ay ang paghitit ng tabako at isa nang malaganap at malubhang epidemya. Sa bawat pamilya, may isa o dalawang taong naninigarilyo. Magsisimula ito sa pakikipagkaibigan sa marunong manigarilyo. Pagkatapos, ang pagsubok ng sigarilyo upang mapabilang sa grupo o makaiwas sa pangmamaliit ng mga kasama.

Ang rehiyon ng Ilocos ay unang tinirhan ng mga Ayta. Napilitan silang umakyat sa kabundukan nang dumating ang mga Malay. Iba't ibang grupo ng Malay ang dumating: Isneg, Tinggian at Ilocano. Ang Ilocano ay namalagi sa dalampasigan. Ang mga Isneg at Tinggian naman ay tumuloy sa looban ng rehiyon. Dumating ang mga Kastila sa rehiyon noong 1572 at sinakop ang mga

Kahanga-hanga ang aming simbahan.  Sa labas ay makikita ang malalaking estatwang bato ng mga anghel.  Sa loob naman ay makikita ang mga antigong larawan ni Hesus, Birheng Maria at iba't ibang santo.  Sa harapan ay makikita ang makulay na altar.

Dapat ba tayong sumali sa isports o palakasan?  Sa aking palagay ay oo.  Una, nakabubuti ito sa atin.  Ang isport tulad ng volleyball ay nagpapalakas ng ating katawan.  Ang chess naman ay nagpapatalas ng ating isip.  Bukod dito, may matututunan din tayong pagpapahalaga tulad ng kooperasyon, pagkakaisa, disiplina at pagiging matapat.

Ano ang iyong mga sagot?  Kung sinabi mong naglalahad ang unang talata, tama ka sapagkat ipinaliliwanag nito kung ano ang paninigarilyo.  Nagsasalaysay naman ang ikalawa sapagkat ikinukuwento nito kung paano nabuo ang rehiyon ng Ilocos.  Ang ikatlo naman ay nangangatwiran sapagkat ibinibigay nito ang mga katwiran kung bakit mabuti ang pagsali sa mga isports.  Sa huli naman, ang talata ay naglalarawan sapagkat ipinapakita nito ang hitsura at ayos ng isang simbahan.

B.  Piliin ang pangungusap na naglalarawan sa bawat bilang.  Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. 


Ang tigre ay isang uri ng hayop.  Malaki ito at mayroong matalim na pangil at matutulis na kuko. Dapat mag-ingat sa tigre.

2. 

Bibilhin ni Tatay ang kotse ni Tiyo Raul. Pagdating sa bahay ni Tiyo Raul, nagbago ang isip ni Tatay.  Sira pala ang kotse.

3. 

Nagkasakit si Ate Tina. Pumunta agad kami sa kanilang bahay. Pagdating namin doon, nasa kama siya at may hawak na bulaklak. Payat at maputla si Ate Tina.

4. 

Napundi ang ilaw sa kuwarto. Nagkabit ng bumbilya si Kuya. Maliit ngunit malakas ang liwanag ng bumbilya. Muling lumiwanag ang paligid.

5. 

Masarap ang cake. Madalas na ito ang handa namin tuwing may kaarawan. Si nanay ang gumagawa nito.

Ang pinili mo bang pangungusap na naglalarawan ay ang mga sumusunod?

1. Malaki ito at mayroong matalim na pangil at matutulis na kuko.
2. Sira pala ang kotse.
3. Payat at maputla si Ate Tina.
4. Maliit ngunit malakas ang liwanag ng bumbilya.
5. Masarap ang cake.

Kung oo, sagutin mo ang susunod na gawain. Kung hindi, balikan mo ang mga pinag-aralan.

C. Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari sa ibaba. Isulat ang layunin ng mga pangungusap.

a. Maya-maya ay may narinig akong malakas na pagsabog.
b. Pagdating ko doon, tumingin-tingin ako sa mga paninda.
c. Bigla akong napatakbo papalabas ng palengke
d. Kanina, pumunta ako sa palengke.

Ganito ba ang mga sagot mo: d, b, a, d? Kung oo, tama ka. Ano ang layunin ng teksto? Tama, nagsasalaysay.

D. Pagtambalin ang mga parirala upang mabuo ang mga pangungusap na naglalahad. Piliin lamang ang letra ng tamang sagot.

| | |
|---|---|
| ____1. Ang tula | a. ang malayang taludturan. |
| ____2. May tugma at sukat | b. sa lumilikha ng tula. |
| ____3. Walang tugma at sukat | c. ang tradisyunal na tula. |
| ____4. Makata ang tawag | d. ay mga tulang pasalaysay. |
| ____5. Ang mga epiko | e. ay isang anyo ng panitikan. |

Ganito ba ang mga nabuo mong pangungusap?

1. Ang tula ay isang anyo ng panitikan.
2. May tugma at sukat ang tradisyonal na tula.
3. Walang tugma at sukat ang malayang taludturan.
4. Makata ang tawag sa lumilikha ng tula.
5. Ang mga epiko ay mga tulang pasalaysay.

E. Piliin ang angkop na pangungusap na nangangatwiran sa mga pangungusap sa ibaba.

1. Kailangan nating bumili ng payong.
   a. Babagay ito sa suot ko.
   b. Nainggit ako sa katabi ko.
   c. Panahon na naman ng ulan at bagyo.
2. Maganda kung may takip ang aklat.
   a. Maaari na itong pampabigat sa mga papel.
   b. Ito ay proteksyon sa aklat mismo.
   c. Maiinggit ang mga kaibigan ko.
3. Dapat ay matulog ka nang maaga.
   a. Alas-7 ng umaga ang pasok mo bukas.
   b. Kung hindi ay magagalit ako.
   c. Dahil gusto ko.
4. Mas mahusay ang cellphone na Dimsung kaysa Hokia.
   a. Mas mataas ang presyo nito.
   b. Dahil regalo ito sa akin ng lola.

c. Matibay ang pagkakagawa ng Dimsung.

5. Ang paglilinis ng kapaligiran ay mahalaga.
   a. Makatutulong ito sa pag-iwas sa sakit.
   b. Wala kasi akong magawa ngayon.
   c. May pabuya kasing ibibigay.

Ihambing dito ang sagot mo:
1.) c    2.) b    3.) a    4.) c    5.) a

Kumusta ang iyong mga sagot? Kung hindi mo nasagot lahat, balikan mong muli ang mga aralin.

**Lagumin**

May apat na uri ng pangungusap ayon sa layon.


Ang pangungusap na naglalarawan ay may layuning ipakita ang ayos, hugis, anyo, kulay ng isang tao, pook, pangyayari o damdamin. Ang pangungusap na nagsasalaysay ay may layunin na magkuwento o magsabi ng pangyayari. Pagpapaliwanag o pagbibigay linaw sa isang gawain, proseso, pangyayari, salita, kahulugan o konsepto ang layunin ng pangungusap na naglalahad. Manghikayat o mangumbinsi naman ang layunin ng pangungusap na nangangatwiran.

Malinaw ba? Kung hindi pa, balikan mo ang aralin. Kung oo, sagutin mo ang mga pagsusulit sa ***Subukin.***

**Subukin**

Basahin mong mabuti ang mga panuto. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

A. Tingnan ang larawan at bumuo ng tatlong (3) pangungusap na naglalarawan tungkol dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.





B. Ang larawan sa ibaba ay tungkol sa isang alamat. Bumuo ng mga pangungusap na nagsasalaysay tungkol sa larawan.



C.  Basahin ang isyu sa ibaba.

**SINO ANG DAPAT MASUNOD SA TAHANAN?  ANG BABAE O LALAKI?**

Pumili ng isang panig at bumuo ng tatlong pangungusap na nangangatwiran tungkol dito. Sundin ang ganitong paraan ng pagkakasulat :

Ang ________________ ang dapat masunod sa tahanan sapagkat ________________.

D. Tukuyin kung ang bawat pangungusap sa talata ay naglalarawan, nagsalaysay, naglalahad o nangangatwiran.

> (1) Nanood kami ng dula kagabi pagkatapos maghapunan.  (2)  Ang dula ay tungkol sa isang epiko ng mga Manobo.  (3) Ang tanghalang aming pinanooran ay malaki at malinis. (3)  Magandang panoorin ang dulang ito sapagkat marami kang malalaman tungkol sa kultura ng mga Manobo.

Tapos ka na ba?  Sige, iwasto mo na ang iyong sagot.

Para sa A:  Ang tatlong pangungusap na nabuo mo ay maaaring katulad ng nasa ibaba.

1. Mas maliit ang kubo kaysa sa mansion.

2. Ang kubo ay gawa sa kahoy at pawid.
3. Ang mansion ay gawa sa bato at tisa.

Para sa B: Ang tatlong pangungusap na nabuo mo ay maaaring katulad ng nasa ibaba.

1. Nagtanong ang lalaki sa matanda kung saan ang terminal ng bus.
2. Itinuro ng matanda sa lalaki kung saan matatagpuan ang terminal ng bus.
3. Nagpasalamat ang lalaki sa matanda.

Para sa C: Ang tatlong pangungusap na nabuo mo ay maaaring katulad ng nasa ibaba.

Kung panig ka sa lalaki:

1. Ang lalaki ang dapat masunod sa tahanan sapagkat mas malakas siya kaysa sa babae.
2. Ang lalaki ang dapat masunod sa tahanan sapagkat iyan ang ating kultura.
3. Ang lalaki ang dapat masunod sa tahana sapagkat siya ang haligi ng tahanan.

Kung panig ka sa babae:

1. Ang babae ang dapat masunod sa tahanan sapagkat siya ang may kakayahang manganak.
2. Ang babae ang dapat masunod sa tahanan sapagkat siya ang namamahala sa bahay.
3. Ang babae ang dapat masunod sa tahanan sapagkat siya ang nag-aalaga sa mga bata.

Pwede mo ring ipakita o ipawasto sa guro ang mga sagot mo sa A, B, at C.

Para sa D:

1. Nagsasalaysay    2. Naglalahad    3. Naglalarawan    4. Nangangatwiran

Nagtagumpay ka ba kaibigan? Kung oo, binabati kita! Maaari ka nang magpatuloy sa Sub-Aralin 4. Kung hindi naman, balikan ang tinalakay sa *Linangin* at sagutan ang mga tanong sa *Paunlarin.*

**Paunlarin**

Makatutulong ang mga gawain dito upang lalo mong maunawaan ang mga uri ng pangungusap batay sa layon. Simulan mo na, kaibigan.

a. Tukuyin kung ang pangungusap ay nagsasalaysay, naglalarawan, naglalahad o nangangatwiran.

(1) Magandang matutuhan ang paggamit ng kompyuter dahil maraming pakinabang makukuha dito. (2) Ang desktop ay isang uri ng kompyuter na ginagamit sa opisina, paaralan o tahanan. (3) Ang ganitong uri ng kompyuter ay malaki at mabigat. (4) Noong isang araw ay bumili ng kompyuter ang aming tatay.

b. Kumpletuhin mo ang mga pangungusap na nangangatwiran sa pamamagitan ng pagpili ng angkop na parirala.

| |
|---|
| dahil nakasasama ito sa katawan. |
| at maaaring maging sanhiito ng pagbabara ng mga kanal. |
| sapagkat sila ang ating likas na yaman. |
| dahil mabagal ang takbo ng trapiko. |
| upang makakuha ng magandang marka sa klase. |

1. Kailangan alagaan ang mga puno at halaman_________.
2. Dapat pigilin ang pagkalat ng bawal na gamot_________________.
3. Kailangang magsipag sa pag-aaral _____________
4. Huwag magtapon ng basura kung saan-saan ____________.
5. Nahuli ako sa pagdating sa klase _________

c. Bumuo ng tatlong pangungusap na naglalarawan tungkol sa larawan sa ibaba.




Iwasto mo na ang iyong mga sagot.

Para sa A:

1. Nangangatwiran 2. Naglalahad 3. Naglalarawan 4. Nagsasalaysay

Para sa B:

1. Kailangan alagaan ang mga puno at halaman sapagkat sila ang ating likas na yaman.
2. Dapat pigilin ang pagkalat ng bawal na gamot dahil nakasasama ito sa katawan
3. Kailangang magsipag sa pag-aaral upang makakuha ng magandang marka sa klase.
4. Huwag magtapon ng basura kung saan-saan at maaaring maging sanhi ito ng pagbabara ng mga kanal.
5. Nahuli ako sa pagdating sa klase dahil mabagal ang takbo ng trapiko.

Para sa C:

Ang mga pangungusap na nabuo ay maaaring katulad ng nasa ibaba:

1. Malalaki ang mga billboard sa tabi ng lansangan.
2. Maraming halaman sa harapan ng mga billboard.
3. Kaunti lamang ang taong makikita sa lansangan.

Kung nakakuha ka ng siyam (9) o higit pang tamang sagot, binabati kita! Maaari ka nang magpatuloy sa Sub-aralin 4. Kung mas mababa sa siyam (9), balikan ang mga pinag-aralan sa Sub-aralin 3

## Sub-Aralin 4:

## Ang Mahusay na Pangangatwiran

**Layunin**

Sa araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na layunin:
1. naipaliliwanag ang katwiran sa pagsalungat o pagsang-ayon sa isang ideya.
2. natutukoy ang mga pangunahin at pantulong na kaisipan sa tekstong binasa.

**Alamin**

Kumusta na, kaibigan? Kung ikaw ang papipiliin, saan mo gustong manirahan? Sa lungsod ba o sa lalawigan? Paano mo ako makukumbinsi na tanggapin ang iyong pinili?

Sa araling ito, malalaman mo kung paano ka magiging epektibo sa pangangatwiran. Basahin mo ang isang halimbawa ng mahusay na pangangatwiran.

*Tamad Nga Ba Ang Pinoy?*

*Panahon pa ng mga kastila ay naging usapin na ang katamaran ng mga Pilipino. Ayon sa sanaysay ni Rizal, sinasabi ng mga prayle na tamad ang mga Pilipino. Nasabi nila ito dahil nakikita nilang natutulog ang mga magsasaka sa bukid bago dumating ang tanghali. Ngunit sinabi naman ni Rizal na mali ang kanilang obserbasyon. Aniya, hindi alam ng mga prayle na madilim pa lamang ay nasa bukid na ang mga magsasaka at nagtatrabaho. Ang dahil kung bakit natutulog sila sa ilalim ng puno ay dahil sa pagod at matindi ang init ng araw.*

*Sa kasalukuyan, masasabi mo bang tamad ang mga Pilipino kaya naghihirap? Tamad ba ang nagtatrabaho ng walong oras buong araw? Minsan pa nga ay mahigit pa. Ang karamihan naman ay pitong araw sa isang linggo kung magtrabaho. Ang iba ay mayroong dalawa o tatlong trabaho upang kumita lamang ng pera. Baka naman may ibang dahilan kung bakit naghihirap ang mga Pilipino?*

Ano ang paksa ng maikling sanaysay na binasa mo? Tama ka, tungkol sa pagiging tamad ng mga Pilipino. Ayon sa sanaysay, tamad nga ba ang mga Pilipino? Hindi, di ba? Ano ang mga dahilan kung bakit sinasabi sa sanaysay na hindi tamad ang mga Pilipino? Una, hindi alam ng mga prayle ang paraan ng pagtatrabaho ng mga Pilipino magsasaka. Pangalawa, ang mga Pilipino sa kasalukuyan ay walong oras o higit pa kung magtrabaho. Ang ilan ay may higit sa isa pang trabaho.

Maayos bang naipahayag ang mga katwiran sa sanaysay? Oo naman.

**Linangin**

Napakahalaga na maging maayos at mabisa ang pangangatwiran. Dahil sa pangangatwiran, ang ideya mo ay maaaring tanggapin ng iba o hindi. Halimbawa, kung bakit ka nahuli sa klase o kaya ay kung bakit dapat kumain ng gulay at hindi lang puro karne.

Pansinin mo sa talatang binasa ang kahusayan sa wika ng nagsulat. Sa kaso mo, malaking tulong kung bihasa ka sa wikang Filipino. Mahalaga rin ang pagkakaroon ng kasanayan sa pagbuo ng mga pangungusap. Natatandaan mo pa ba ang mga natutuhan mo sa pagbuo ng mga pangungusap?

Kung nais mong ipaliwanag ang iyong katwiran sa pagsang-ayon o pagsalungat sa isang ideya, mahalaga na taglayin mo ang mga sumusunod:

a. Kaalaman sa paksa

Nasubukan mo na bang magpaliwanag o magbigay-katwiran sa isang paksa kung kaunti o wala kang alam tungkol dito? Napakahirap, hindi ba? Maaaring wala kang maibigay na katwiran o liwanag kung wala kang batayan. Kaya mahalaga na magkaroon ka ng kaalaman sa paksang

tinatalakay.  Makukuha ito sa pamamagitan ng pananaliksik o kaya ay pagbabalik-aral sa mga dating natutuhan.  Maaari mo ring gamitin ang iyong mga karanasan at gunita.

b. Tiwala sa sarili

Hindi sapat na marami kang alam sa paksa.  Kailangan mo rin ng tiwala sa sarili, lalo na kung ikaw ay haharap sa maraming tao.  Paano na lang kung maganda ang iyong ideya o isinulat ngunit hindi mo ito maipahahatid sa pamamagitan ng pagsasalita?  Sayang, hindi ba?

c. Wasto, tiyak at malinaw na ideya

Sapat na ba ang pagkakaroon ng kaalaman sa paksa at tiwala sa sarili?  Hindi.  Kailangan rin ng pagiging wasto, tiyak at malinaw ng iyong ideya.  Sa madaling salita, katotohanan dapat ang iyong ipahahayag.  Hindi kasinungalingan o kathang-isip.  Hindi rin ito dapat nakalilito o nakagugulo.

d. Maayos na pagkakahanay ng mga katwiran.

Naranasan mo ba na hindi ka maintindihan ng iyong kausap kahit wasto, tiyak at malinaw ang iyong ideya?  Hindi ba't nakakalungkot ito lalo na kung kumpleto pa ang iyong mga impormasyon?  Ang isang dahilan ng pagkakaroon ng ganitong hindi pagkaunawaan ay ang hindi maayos na pagkakahanay ng mga katwiran.  Kinakailangan din na lohikal at madaling sundan ang iyong mga sasabihin.  Dapat sinisigurado na maayos ang daloy ng mga ideya.

Basahin mo ang talata sa ibaba.

*Nakatutulong ang gulay sa pagpapalakas ng katawan.  Nakapagpapakinis ito ng kutis at nagpapalinaw ng mata.  Nakatutulong din ito sa pag-iwas sa sakit.  Kung kaya, ang gulay ay mahalaga sa tao.*

Ano ang pangunahing ideya sa talata?  Kung sinabi mong "ang pagiging mahalaga ng gulay sa katawan ng tao," tama ka!  Saan ito makikita?  Ito ay nasa katapusan ng talata.  Ang mga unang binanggit ay mga pantulong pangungusap.  Ito ang mga pangungusap na sumusuporta sa pangunahing ideya.  Ilang pantulong na pangungusap mayroon sa talata?  Tatlo nga, tama.

Dito, naunang tinalakay ang mga pantulong na ideya.  Hinanay ang mga pantulong na ideyang ito patungo sa pangunahing ideya na **mahalaga ang gulay sa katawan ng tao**.

Alam mo ba ang tawag sa pangangatwirang ito?  Ito ay ang **indaktibo o pangangatwirang pabuod**.  Ibig sabihin, **magsisimula**, **gagamitin at pagsasama-samahin ang mga maliit o tiyak na ideya patungo sa panlahat at pangunahing ideya.**  Ang pangunahing ideya ang siyang **sentro o pinakabuod ng gusto mong sabihin**.  Ang mga tiyak o pantulong na ideya ang siyang **sumusuporta sa pangunahing ideya**.

May isang pang uri ng pangangatwiran.  Ano ito?  Ito ay ang **dedaktibo o pangangatwirang pasaklaw**.  Dito, **magsisimula ka sa panlahat ng tuntunin o ideya.  Susundan naman ito ng**

**maliliit na detalye upang suportahan ang pangunahing ideya.** Kung gagamitin ulit ang naunang talatang tinalakay, ganito naman ang magiging ayos.

> *Mahalaga ang ulay sa katawan ng tao. Nakatutulong ito sa pagpapalakas ng katawan. Nakatutulong din ito sa pagpapakinis ng kutis at tumutulong din ito sa pag-iwas sa sakit.*

Ilan lamang ito sa mga batayang kasanayan upang maging mabisa ka sa pangangatwiran.

Matutukoy mo ba kung anong uri ng pangangatwiran ang mga nasa ibaba? Subukan mo.

> a. Ang wikang Filipino ang dapat na maging wika sa pagtuturo at pagkatuto. Una, nakasaad ito sa Konstitusyong 1987. Bukod dito, may mga pananaliksik na nagpapatunay na madaling matuto ang mga mag-aaral kung wikang Filipino ang ginagamit.

> b. Kung wala kang pera at gusto mong bumili, maaari mong gamitin ang credit card. Kung gusto mo naman magwidrow ngunit sarado ang bangko o malayo ito, maaari ka namang gumamit ng ATM card. Kapag ikaw naman ay nasa ospital, hindi mo na kailangan ng malaking pera. Makababawas sa gastusin kung mayroon kang health card. Tunay ngang kailangan natin ang plastik na kard.

Kung sinabi mong dedaktibo ang unang talata, tama ka. Unang ipinahayag ang pangunahing ideya na wikang Filipino ang dapat na maging wika sa pagtuturo at pagkatuto. Sinundan ito ng pantulong na pangungusap tulad ng tungkol sa konstitusyon at pananaliksik.

Ang pangalawa ay indaktibo dahil una munang ipinahayag ang mga pantulong na ideya tulad ng kredit kard, ATM kard at health kard. Pagkatapos, ipinahayag ang pangunahing ideya na tunay ngang kailangan natin ang plastik na kard.

Balikan mo ang binasa mong balita sa talata a at b.
Kaya mo bang isulat ang unang talata sa paraang indaktibo? Kaya mo rin bang isulat ang pangalawang talata sa paraang dedaktibo? Subukan mo.
Kung ganito ang mga sagot mo, tama ka.

> a. Nakasaad sa Konstitusyong 1987 na Filipino ang wikang pambansa. Ayon naman sa isang pananaliksik, mas madaling matuto ang bata kung wikang Filipino ang gagamitin. Kung kaya, wikang Filipino ang dapat na maging wika sa pagtuturo at pagkatuto.

b. Tunay ngang kailangan natin ng plastik na kard. Kung wala kang pera at gusto mong bumili, maaari mong gamitin ang credit card. Kung gusto mo naman magwidrow ngunit sarado ang bangko o malayo ito, maaari ka namang gumamit ng ATM card. Kung ikaw naman ay nasa ospital, hindi mo na kailangan ng malaking pera. Makababawas sa gastusin kung mayroon kang health card.

Malinaw na ba? Kung oo, sagutan mo na ang mga gawain sa ibaba. Kung hindi pa, balikan mo ang aralin.

**Gamitin**

A. Tukuyin kung alin sa dalawang talata ang nasa paraang indaktibo at nasa paraang dedaktibo.

1. Magandang mag-aral sa Mataas na Paaralan ng Macario Sakay. Mahusay magturo ang mga guro doon. Maganda rin ang mga pasilidad nito. At higit sa lahat, mababait ang mga tao.
2. Sa pagbabasa, malalaman mo ang mga bagay na hindi mo pa alam. Madadagdagan din ang mga dati mo nang alam. Maaaring marating mo rin ang maraming lugar na hindi umaalis sa iyong kinalalagyan. Bukod dito, magkakaroon ka pa ng kasiyahan. Tunay na mahalaga ang pagbabasa.

B. Tukuyin sa bawat set ng mga pangungusap ang pangunahin at pantulong na ideya.

1. Maganda si Lyrah. Mapungay ang kanyang mga mata. Matangos ang kanyang ilong at napaganda niyang ngumiti.
2. Madilim pa lang ay nagsasaka na si Rodel. Pagdating ng hapon, paliliguan niya ang kalabaw. Pagkatapos ay didiligan niya ang kanyang gulayan. Napakasipag ni Rodel.

Ganito ba ang iyong mga sagot?

Para sa A:

1. dedaktibo
2. indaktibo

Para sa B:

1. Pangunahing ideya: Maganda si Lyrah
   Pantulong na ideya: Mapungay ang kanyang mga mata.
   Matangos ang kanyang ilong at napakaganda niyang ngumiti.
2. Pangunahing ideya: Napakasipag ni Rodel.
   Pantulong na ideya: Madilim pa lang ay nagsasaka na si Rodel.
   Pagdating ng hapon, paliliguan niya ang kalabaw.
   Pagkatapos ay didiligan niya ang kanyang gulayan.

Kung oo, magpatuloy ka sa susunod na bahagi. Kung hindi, balikan mo ang mga aralin.

**Lagumin**

Maraming pagkakataon na nasasayang ang magandang ideya. Isang dahilan nito ay ang hindi pagiging marunong, mahusay o may alam sa pangangatwiran. Kung kaya't mahalaga na alam mo kung paano mangatwiran nang maayos.

Sa pangangatwiran, mahalagang taglayin ang mga sumusunod:

a. Kaalaman sa paksa
b. Tiwala sa sarili
c. Wasto, tiyak at malinaw na ideya
d. Maayos na pagkakahanay ng mga katwiran.
e. May suporta ng dalubhasa o eksperto sa paksa ang mga katwiran.

Maaaring indaktibo o dedaktibo ang paraan ng pagpapaliwanag ng katwiran. Ang indaktibo o pangangatwirang pabuod ay magsisimula sa mga maliit o tiyak na ideya patungo sa panlahat at pangunahing ideya. Ang pangunahing ideya ang siyang sentro o pinakabuod ng gusto mong sabihin. Ang mga tiyak o pantulong na ideya ang siyang sumusuporta sa pangunahing ideya. Ang dedaktibo o pangangatwirang pasaklaw naman sa panlahat ng tuntunin o ideya at susundan ng maliliit na detalye upang suportahan ang pangunahing ideya.

Kung malinaw na ang lahat, maaari mo nang sagutan ang *Subukin.*

**Subukin**

A. Basahin ang bawat talata. Tukuyin kung indaktibo o dedaktibo ang paraang ginagamit sa sa bawat isa.

| |
|---|
| 1. Mahusay ang aming barangay. Laging malinis ang lahat ng kalye. Malulusog naman ang mga halaman sa tabi. Dahil dito, binigyan ang aming barangay ng premyo at pagkilala. Nagawa ito ng aming barangay dahil sa aming kooperasyon at pagtutulungan. |
| 2. Napansin kong wala nang laman ang kabinet ng mga de-lata. Nang tingnan ko ang refrigerator, nakita ko na wala nang karne ng baboy. Nakita ko rin na na papaubos na ang mga gulay. Napansin ko rin na kaunti na lamang ang laman ng mga bote ng toyo at patis. Kailangan ko na talagang mamalengke. |

B. Tukuyin ang pangunahin at mga pantulong na ideya sa bawat talata sa itaas.

C. Sabihin mo kung sang-ayon ka o hindi sa usaping nakasaad sa ibaba. Bumuo ng isang talatang may tatlong pangungusap na nagsasaad ng iyong panig.

## Dapat bang gawing legal ang diborsyo sa Pilipinas?

Tapos ka na ba? Sige, iwasto mo na ang iyong mga sagot. Katulad ba ng nasa ibaba ang iyong mga sagot?

Para sa A. 1. dedaktibo
2. indaktibo

Para sa B. 1. Pangunahing ideya: Mahusay ang aming barangay.

Mga pantulong na ideya:

a. Laging malinis ang lahat ng kalye.
b. Malulusog naman ang mga halaman sa tabi.
c. Dahil dito, binigyan ang aming barangay ng premyo at pagkilala.
d. Nagawa ito ng aming barangay dahil sa aming kooperasyon at pagtutulungan.

2. Pangunahing ideya: Kailangan ko na talagang mamalengke.

Mga pantulong na ideya:
a. Napansin kong wala nang laman ang kabinet ng mga de-lata.
b. Nang tingnan ko ang refrigerator, nakita ko na wala nang karne ng baboy.
c. Nakita ko rin na papaubos na ang mga gulay.
d. Napansin ko rin na kaunti na lamang ang laman ng mga bote ng toyo at patis.

Para sa C. Ang iyong talata ay maaaring katulad ng nasa ibaba.

> Hindi dapat gawing ligal ang diborsiyo sa Pilipinas. Hindi dapat sapagkat nagbibigay ito ng ideya na hindi na malulutas ang problemang mag-asawa. Maaaari rin itong makaapekto sa mga anak, lalo na kung sila ay ba pa. Ngunit higit sa lahat, naniniwala akong hindi dapat paghiwalayin ang pinagbuklod ng Diyos.

Kung malayo dito ang iyong isinulat, ipakita mo sa iyong guro para maiwasto niya ang ginawa mo.

Kung nakakuha ka ng labing-isa (11) o higit pang tamang sagot, binabati kita! Maaari ka nang magpatuloy sa Pangwakas na Pagsusulit. Kung mas mababa sa labing-isa (11), balikan ang mga pinag-aralan sa Sub-aralin 4 at sagutin ang mga gawain sa ***Paunlarin***.

**Paunlarin**

A. Muling isulat ang talata sa indaktibong paraan.

> Tunay na maraming pakinabang na makukuha sa paglalakad. Ehersisyo sa katawan ang paglalakad. Sa paglalakad, mapapansin mo pa ang mga maliliit na bagay na hindi mo mapapansin kapag nasa loob ng mabilis na sasakyan. Bukod dito, malaking kabawasan din ito sa gastusin sa pamahase.

B. Muling isulat ang talata sa dedaktibong paraan.

> Ang mga bata ay masayang nakikilahok sa parlor games. Ang paligid ay napapalamutian ng mga lobo at makukulay na dekorasyon. Ang mesa ay puno ng pagkain tulad ng spaghetti, sandwich, juice at cake. Mayroon pang payasong nagpapatawa. Napakasaya ng pagdiriwang iyon.

C. Tukuyin ang pangunahin at pantulong na ideya sa talata.

> Marami akong kilalang magulang na marami ang anak. Lagi nilang reklamo ang hirap ng buhay. Madalas ay isang malaking problema sa kanila ang paghahanap ng pagkain sa araw-araw. Dagdag pa dito ang malaking gastusin sa paaralan. Kung kaya't kailangan nilang isubsob ang sarili sa trabaho. Bunga nito, hindi nila nababantayan ang paglaki ng kanilang mga anak. Ito ang dahilan kung bakit naniniwala ako na magandang magkaroon ng maliit ang pamilya.

Katulad ba ng nasa ibaba ang iyong mga sagot?

Para sa A:

Ehersisyo sa katawan ang paglalakad. Sa paglalakad, mapapansin mo pa ang mga maliliit na bagay na hindi mo mapapansin kapag nasa loob ng mabilis na sasakyan. Bukod dito, malaking kabawasan din ito sa gastusin sa pamahase. Tunay na maraming pakinabang na makukuha sa paglalakad.

Para sa B:

Napakasaya ng pagdiriwang iyon. Ang mga bata ay masayang nakikilahok sa parlor games. Ang paligid ay napapalamutian ng mga lobo at makukulay na dekorasyon. Ang mesa ay puno ng pagkain tulad ng spaghetti, sandwich, juice at cake. Mayroon pang payasong nagpapatawa.

Para sa C:

Pangunahing ideya: Magandang magkaroon ng maliit na pamilya.
Pantulong na ideya: Marami akong kilalang magulang na marami ang anak.
Lagi nilang reklamo ang hirap ng buhay. Madalas ay isang malaking problema sa kanila ang paghahanap ng pagkain sa araw-araw.
Dagdag pa dito ang malaking gastusin sa paaralan.
Kung kaya't kailangan nilang isubsob ang sarili sa trabaho.
Bunga nito, hindi nila nababantayan ang paglaki ng kanilang mga anak.

Kung tama ang iyong mga sagot, maaari mo nang sagutin ang Pangwakas na Pagsusulit. Kung hindi, balikan mo ang aralin. Matapos nito'y maari ka nang humakbang patungo sa susunod na modyul.

## Gaano ka na kahusay?

Ngayon kaibigan, narito ang isang pagsubok upang malaman ko ang iyongnatutuhan sa modyul na ito. Simulan mo na! Tandaang gumamit ng hiwalay na sagutang papel.
Basahing mabuti ang mga panuto at sagutan ang pagsusulit. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

A. Isulat muli ang mga pangungusap sa ibaba. Salungguhitan ang paksa at bilugan ang panaguri.

1. Ang arabong misyonaryo na si Sharif Makhdum ang nagpakilala ng Islam sa Pilipinas.
2. Ang Sultanate ng Sulu ay itinatag ni Abu Bakr noong 1450.
3. Si Raha Soliman ang pinuno ng mga sultan sa Luzon.
4. Ang kaharian ni Raha Soliman ay sinalakay ng mga Kastila noong Hunyo 1571.
5. Ipinagtanggol ni Raha Soliman laban sa kastila ang kanyang kaharian.

B. Gawing nasa ayos na karaniwan ang pangungusap kung ito ay nasa ayos na di-karaniwan. Gayundin, gawing nasa ayos na di-karaniwan ang pangungusap kung ito ay nasa ayos na karaniwan.

1. Isa sa mga pinakatanyag na pook sa Maynila ay ang Divisoria.
2. Maraming murang bilihin ang makikita rito.
3. Ang Divisoria ay kilala rin bilang makasaysayang lugar.
4. Ang katipunerong si Andres Bonifacio ay sa Divisoria ipinanganak.
5. May estatwa ni Bonifacio sa harap ng Tutuban Mall sa Divisoria.

C. Tukuyin kung ang pangungusap ay payak, tambalan, hugnayan o langkapan.

1. Ako ay Pilipino at sa aking mga ugat ay nananalaytay ang dugong kayumanggi.
2. Ang aking ama at ina ay ipinanganak sa Mindanao.
3. Matatag ang kanilang kabuhayan sapagkat sila'y nagkakaisa, malakas at di nahahati.
4. Mahal ko ang aking bayan.

5. Ako ay namamanata sa watawat ng Pilipinas bagama't bumibili ng mga imported na tsokolate; maliban na lamang kung chocnut ito.

D. Tukuyin kung ang pangungusap ay naglalarawan, nagsasalaysay, naglalahad o nangangatwiran.

1. Ang batang nakita namin kahapon ay matangkad ngunit payat.
2. Dapat igalang ang mga bata dahil sila ay may damdamin din.
3. Tuwing umaga ay dumadaan ang bata sa simbahan upang magdasal.
4. Ang Tulong Paslit ay organisasyong tumutulong sa mga bata.
5. Nagtungo ang Tulong Paslit sa bahay ng bata kinabukasan.

E. Tukuyin ang pangunahin at pantulong na ideya sa talata.

*Mahalaga ang mga hayop sa buhay ng tao. Marami silang pakinabang sa atin. Sa kanila tayo kumukuha ng pagkain tulad ng karne. Ang kanilang balat ay nagagamit natin sa paggawa ng damit at sapatos. Nakatutulong din sila sa ating mga gawain.*



Susi sa Pagwawasto

Modyul 4
Ang Pagkilala at Pagbuo
ng Iba't Ibang Pangungusap

A.

1. Ang arabong misyonaryo na si Sharif Makhdum ang nagpakilala ng Islam sa Pilipinas.
2. Ang Sultanate ng Sulu ay itinatag ni Abu Bakr noong 1450.
3. Si Raha Soliman ang pinuno ng mga sultan sa Luzon.
4. Ang kaharian ni Raha Soliman ay sinalakay ng mga Kastila noong Hunyo 1571.
5. Ang kanyang kaharian ay ipinagtanggol ng mga tao.

B.

1. Ang Divisoria ay isa sa mga pinakatanyag na pook sa Maynila.
2. Ang makikita rito ay maraming murang bilihin.
3. Kilala rin bilang makasaysayang lugar ang Divisoria.
4. Sa Divisoria ipinanganak ang katipunerong si Andres Bonifacio..
5. Sa harap ng Tutuban Mall sa Divisoria ay may estatwa ni Bonifacio

C.

a. tambalan
b. payak
c. hugnayan
d. payak
e. langkapan

D.

1. naglalarawan
2. nangangatwiran
3. nagsasalaysay
4. naglalahad
5. nagsasalaysay

E.

1. Pangunahing idea: Mahalaga ang mga hayop sa buhay ng tao.
   Pantulong na idea:
   1. Marami silang pakinabang sa atin.
   2. Sa kanila tayo kumukuha ng pagkain tulad ng karne.
   3. Ang kanilang balat ay nagagamit natin sa paggawa ng damit at sapatos.
   4. Nakatutulong din sila sa ating mga gawain.